ARALIN

5

## Panlingguhang Layunin

**Pag-unawa sa Napakinggan**
Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang alamat
F5PS III b-c -e3.1

**Gramatika-Wikang Binibigkas**
Naibabahagi ang isang pangyayaring nasaksihan
F5PS III b-e 3.1

**Gramatika- Kayarian ng Wika**
Nagagamit ang pang –abay at pang-uri sa paglalarawan
F5PB-IIId-e-9

**Pag-unawa sa Binasa**
Nakagagawa ng isang timeline batay sa nabasang kasaysayan
F5PB-Ie-18

**Estratehiya saPag-aral**
Nagagamit ang iba t ibang pahayagan ayon sa pangangailangan
F5EP-IIIe-7.1

**Pagsulat**
Nakakasusulat ng idiniktang liham ayon sa tamang anyo at ayos
F5PU-III e-2.8

Humanap ng kapareha. Pakinggan ang isang liham na babasahin ng kapareha. Pagkatapos, tingnan kung nasa  tamang ayos ang sulat na binasa at tukuyin ang mga nagamit na pang-abay at pang-uri na ginamit sa liham.

1

Layunin

Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang alamat

Nagagamit ang iba't Iibang pahayagan ayon sa pangangailangan

**II. A.Paksang-Aralin**

A. Pagsagot sa literal na tanong tungkol sa napakinggang alamat ng Gagamba

Paggamit ng iba t ibang pahayagan ayon sa pangangailangan

**B. Sanggunian**

A. Punla 5 p236-237, Landas sa Pagbasa 6 p.73-74, `Pag-unlad sa wika at Pagbasa p135
F5PS III b-c -e3.1, F5EP-IIIe-7.1
https://www.facebook.com/Asignaturang Filipino/posts/396241757100591

**C. Mga Kagamitan**

Tsart ng iba,t ibang pahayag

larawan

Metacards

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay :**
Ang isang paraan ng pagpapalawak ng talasalitaan ay ang pagbuo ng iba pang mga salita mula sa mga letrang bumubuo sa isang salita. Ito ay isinasagawa nang paraang naglalaro lamang subalit tunay na nakatutulong sa ating pagnanais na magpalawak ng talasalitaan.

Bumuo ng mga salita mula sa sumusunod na mga salita :

1. hinahangaan ______________ ________________
2. hinahamon ______________ ________________
3. napagtanto ______________ ________________
4. naubuhay ______________ ________________
5. balatkayo ______________ ________________

2. **Balik-aral**:

Kumuha ng kapareha .Suriin ang bawat pangungusap. Bilugan ang Pang-uri at salungguhitan ang pang-abay.

1. Sariwa ang mga gulay.
2. Talagang napakalaki ng bahang idinulot ng bagyo.

3. Dumanas tayo noon ng kalamidad.
4. Tahimik ang nayon.
5. Simple ang mga kahilingan ng mga bata.

**3. Mga Gawain**

A. **Pagganyak** :

Ipakita ang larawan ng gagamba Itanong. Ano ang ginagawa ninyo kapag nakakita kayo ng isang gagamba? Dapat ba natin patayin ang mga gagamba?

B. **Paglalahad** :

1. Ikukwento ng guro ang Alamat ng isang Gagamba.
2. Ilahad ang dalawang klase ng pahayagan.

C. **Pagtalakay** :

1.Sagutin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa seleksyon:

Anong uri ng babasahin amg iyong binasa?

Sinu-sino ang mga tauhan sa kwento? Ilarawan ang pangunahing tauhan.

Anu-anong magagandang katangian ang taglay ni Amba? Ano naman ang ugali niyang kailangan niyang baguhin ?

2.Ibigay ang dalawang uri ng pahayagan?

Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang klase ng pahayagan?

**D. Pagpapayamang Gawain**:

**Pagyamanin Natin**

**A. Gawin Ninyo**

.Hatiin ang klase sa apat na pangkat at ibigay ang seksiyon o bahagi ng pahayagang babasahin kung nais malaman ang tungkol sa mga sumusunod :
Halimbawa : Malaking sakuna sa dagat na naganap nang nakaraang araw.
Sagot : Unang pahina o pangunahing balita

1. Ibig mong malaman kung ano ang ipinalalabas na pelikula sa paborito mong sinehan.
2. Nais mong malaman ang palagay ng editor sa mahalagang isyu.
3. Mahilig kang sumagot sa krosword.
4. Ibig mong malaman ang horoscope mo para sa araw na ito.
5. Ibig mong malaman ang mga opinion at kuru-kuro ng ilang tao sa mga isyu at pangyayaring nagaganap.
6. Ibig mong malaman kung aling koponan sa basketball ang maglalaban kinagabihan.
7. Naghahanap ang pamilya ninyo ng mabibiling lote at bahay.
8. Makikibalita ka sa mga nangyayari sa mga kalapit nating bansa sa Asya.
9. Sinusubaybayan mo ang halaga ng piso laban sa dolyar.
10. Interesado ka sa buhay-buhay ng mga taong kilala sa lipunan.
11. Ibig mong malaman ang desisyon ng pangulo sa kasalukuyang krisis.

12. Naghahanap ka ng magandang palabas sa telebisyon ngayong araw.

**B. Gawin Mo**

Sumulat ng isang maikling editorial batay sa kasalukuyang isyung ppampaaralan sa :

1. Samahan o klub
2. Mga proyektong pambata
3. Mga proyektong para sa pagbibigay ng donasyon

**E.Paglalahat** :

Sa iyong palagay, totoo bang mangyayari ang ganon sa buhay ng tao?Sa iyong palagay, ang alamat ba ay nakakatulong ba sa batang tulad mo sa pagtuturo ng mabuting asal ? Bakit?

**F. Paglalapat** :

Ano ang dapat gawin ng mga mag-aaral kung sakaling may mga tabloid na binabasa ang mga kapwa mag-aaral na naglalaman ng mga larawang malalaswa? Ng mga istoryang kahindik-hindik?

**IV. Pagtataya** :

Gumawa ng isang maikling buod tungkol sa Alamat ng Gagamba.

**V. Takdang Aralin**:

Magsaliksik tungkol sa tamang paggamit ng pang-abay at pang-uri.

2

Layunin

Nagagamit ang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan

**II. A.Paksang-Aralin**

A. Paggamit ang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan

**B. Sanggunian**

Hiyas sa Wika 5 p 124-134 at p159-164,Pag-unlad sa Wika at Pagbasa 5 p 112-115
F5PB-IIId-e-9

C. Mga Kagamitan

larawan

Metacards

**III. Pamamaraan**

**A.Pagsasanay :**

Kumuha ng kapareha. Ang bawat magkapareha ay bubunot ng isang salita at gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na salita ?

1. matiyaga
2. mataimtim
3. maliksi
4. malakas
5. magaling

**B.Balik-aral:**

Ipakwento sa mga mag-aaral ang Alamat ng Gagamba.

**3.Mga Gawain**:

**A.Pagganyak :**

Anong tawag sa salitang naglalarawan? Ano ang pagkakaiba nang pang-abay sa pang-uri?

**B.Paglalahad :**

Pansinin ang mga salitang may salungguhit .

1. <u>Mabait</u> siyang bata.Ang salitang mabait ay pang-uri .Ang bata ay pangalan.

2. Tunay na mabait si Jesriel.Ang tunay ay pang-abay. Ang mabait ay pang-uri.
3. Lubhang mabagal kumilos yung isa,si Ann.Ang mga salitang lubhang at mabagal ay kapwa pang-abay at ang kumilos ay pandiwa.

**C.Pagtalakay :**

Ano ang pang –uri?

Ano nilalarawan ng pang –abay?

Ang pang-uri ay salitang naglalarawan sa pangalan at panghalip.

Ang pang-abay ay naglalarawan sa pandiwa,pang-uri at kapwa pang-abay

**D.Pagpapayamang Gawain** :

1. Gawin ninyo

**Pangkatin ang klase at suriin ng bawat pangkat ang bawat pangungusap. Bilugan ang pang-abay na gingamit sa mga pangungusap.**

1. Madalas siyang magkasakit.
2. Tunay na Masaya si Ana.
3. Patakbong sinalo niya ang bola.
4. Palihim na tumakas ang yaya.
5. Ubod ng bilis lumakad ang babae.
6. Mabagal kumilos ang bata.
7. Saksakan ng tamad si Juan.
8. Pasuray-suray tumakbo ang mama.
9. Mabilis na umakyat sa puno ang mga pusa.
10. Humihingal na nagsasalita ang guro.

2.. Gawin mo

**Basahin at tukuyin kung anong uri ng pang-abay ang may salungguhit sa pangungusap sa ibaba.**

1.Mainit ang ulo ng hepe kahit na mainit na tinanggap ang kaniyang talumpati.

2.Nang dumating ang mga Malayo,binili ba nila ang baybay-dagat?

3. Maingat na sumulat sa notebook si Cedrhix.

4. Naliligo ang bata araw-araw.

5.Mahusay magtalumpati si G. Cruz.

**E.Paglalahat**

Ano ang pagkakaiba nag pang-abay at pang-uri?

**F. Paglalapat :**

Gumuhit ng mga larawan ng bagay, hayop, tanawin na gusto mong iguhit. Isulat ang pang-uri o pang-abay na panlarawan na maiuugnay sa mga ginuhit.

**IV. Pagtataya** :

**Bilugan ang salitang panlarawan at tukuyin sa kahon kung pang-uri o pang-abay.**

1. Sariwa ang mga gulay at bungangkahoy na tinda ninyo.
2. Ang nayon ay matiwasay noon pa man.
3. Bihasang magtrabaho ang mga manggagawa.
4. Si Lloyd ay maagang kumikilos tuwing umaga.
5. Tuwid ang buhok ni Rhein.

**V. Takdang Aralin**:

Magsaliksik nang ilang mahahalagang pangyayari sa ating bansa at itala ito sa inyong kwaderno.

## 3 Layunin

Nakagagawa ng isang timeline batay sa nabasang kasaysayan

**II. A.Paksang-Aralin**

Paggawa ng isang timeline batay sa nabasang kasaysayan

**B. Sanggunian**

http://economicsmrfab.blogspot.com/2012/07/learning-strand-naipapamalas-ng-mga-mag.html

F5PB-Ie-18

C. Mga Kagamitan

Tsart

Metacards

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay** :
   Magkaroon ng pagbabaybay ng sampung salita, padikta itong ibigay sa mga bata.
2. **Balik-aral** :

   Kailan ginagamit ang pang-abay at kailan ginagamit ang pang-uri ?
3. **Mga Gawain** :

   **A. Pagganyak :**
   Humanap ng kapareha. Ang magkapareha ay mag-iisip kung anu-anong mahalagang kaganapan  noong nakalipas na taon at  ilagay nila ito sa isang hagdan batay sa pagkakasunod-sunod na pangyayari sa loob ng isang taon.

   B. **Paglalahad**:

   Hatiin ang klase sa apat na pangkat at bawat pangkat ay babasahin ang isang ekonomista na nakalaan sa bawat pangkat .Isa-isahin ang  kanilang kontribusyon; at suriin sa kalakasan at kahinaan ng kanilang mga pag-aaral bilang bahagi ng iskolaring pag-aaral. At gumawa ng isang timeline ayon sa pagkakasunod-sunod ng kanilang kontribusyon.

**Pangkat –I Thomas Robert Malthus**

Si Thomas Malthus (1766-1834) isang Ingles na unang tumawag-pansin sa mas mabilis na paglaki ng populasyon kaysa sa paglago ng mga pinagkukunang-yaman at ng produksiyon.



***Thomas Malthus***

Ayon kay Malthus, kung patuloy ang pagdami ng tao samantalang ang lupa na kaniyang pinagkukunan ng pagkain ay hindi naman nadaragdagan darating ang panahon na hindi na ito makakasapat sa kanilang mga pangangailangan.


Ayon sa kaniya kailangan ng agarang pagpaplano ng pamilya at pagpapaliban ng tao na mag-asawa. Katulad ni Ricardo, malaki ang nagawang kontribusyon ni Malthus upang maunawaan ang mga kadahilanan ng pagbabago ng presyo ng produkto sa pamilihan, sahod ng mga manggagawa, at ang upa sa lupa.

Ayon sa Malthusian Theory of Population, angpopulasyon ay nagdaragdag sa isang geometric ratio, habangang pagtaas sa suplay ng pagkain sa isang arithmetic ration. Ang kawalan ng pagkakaisa ay humantong sa laganap nakahirapan at gutom, na kung saan ay maitatama lamang sa pamamagitan ng mga natural na pamamaraan tulad ng sakit,mataas na dami ng sanggol na namamatay, gutom, digmaan.Ang kanyang pangunahing kontribusyon ay sa sektor ng agrikultura.

Ayon sa teorya na ito, may dalawang hakbang upang makontrol ang populasyon: preventative at positive check. Ang*preventative* na paraan ay kontrol sa panganganak, at gumagamit ng iba't-ibang mga paraan upang kontrolin angkapanganakan; at *positive check* tulad ng *natural calamities*,digmaan, atbp.

**Pangkat II -Karl Marx**

Nakilala si Karl Marx (1818-83) sa kaniyang aklat na Das Kapital. Si Marx ay isang manunulat at rebolusyonaryong Aleman.



***Karl Marx***

Ayon kay Marx, ang teknolohiya ang magiging lahilan ng pagsulong ng isang bansa sa ilalim ng kapitalismo at ang kakayahan nitongkumikha ng yaman ngunit iilan lamang ang maaaring makinabang dahil patuloy na maghihirap ang tao lalo na ing mga manggagawa.

Ayon kay Marx, hindi babagsak asng kapitalismo ng dahil sa pagbaba ng produksiyon at sakulangan ng mga teknolohiya na siyang paliwariag ng mga naunang ekonomista kundi ang lubhang kailangan ay ang pagbabago sa kaugnayan ng mga tao sa isa't-isa.

Naniniwala na dapat bigyang-pansin ang suliranin kung paano ipamamahagi ang nagawang produkto sa pag-unlad ng ekonomiya.

Sa ilalim ng kapitalismo ay ang pagkakakani-kaniya ng bawat tao ang pangunahing sanhing kahinaan nito. Ayon sa kaniya, maaari lamang itong mabago sa pamamagitan ng pagpapalit ng sistema patungong sosyalismo at sa huli komunismo kung saan lahat ng mga tao ay pantay-pantay at magkakaroon ng lipunang walang uri o classless society.

Dagdag pa niya na nararapat lamang na kumpiskahin ang mga pribadong pag-aari ng gamit sa produksyon at gawin itong pag-aari ng buong lipunan at alisin ang sistemang pasahod. Ang konseptong nabuo ni Marx ukol sa tao at produksyon ay hindi nagtagumpay sa mga maunlad na bansa. Ilan sa mga sosyalistang bansa na sumunod sa kaisipan ni Karl Marx ay ang mga bansang China, Russia at ibang maliliit na bansa sa Gitna at Silangang Europa.

Noong dekada 90, nagsipagbagsak ang ekonomiya ng mga bansang sosyalista at nahirapan makabangon pa ang mga ito. Nagkaroon ng suliranin kung paano matutugunan ang pangangailangan ng mga tao at pagtugon sa suliraning kung paano mapapaangat ng pamahalaan ang estado ng ekonomiya ng mga nabanggit na sosyalistang bansa.

Malaki din naman ang naitulong ng mga doktrina ni Marx sa pagbuo ng mga samahang pang-manggagawa.




***Pangkat III-Leon Walras***

Ang general equilibrium theory inihaharap upangipaliwanag ang pag-uugali ng supply, demand, at mga presyo saisang buong ekonomiya sa ilan o maraming  merkado.

Si Alfred Marshall ay pinakamahusay na akda ng,Principles of Economics (1890), ipinakilala sa akdang ito ang mga kaisipan ng, kabilang elasticity of demand, surplus ng mga mamimili,, at representative firm o ang mga kinatawan ngkompanya. Ang kanyang akda “***on the theory of value***”iminungkahi niya na ang oras bilang isang kadahilanan sapagtatasa sa cost-production principle.

**Pangkat IV-John Maynard Keynes**

Si John Maynard Keynes ay itinuturing na "Makabagong Ama ng Makroekonomiks." Nakilala siya sa aklat na General Theory of Employment, Interest, and Money na inilathala noong 1936.



Sinaliksik ni Keynes ang dahilan ng krisis ng paghina ng ekonomiya ng bansa noong panahon ng "great depression" noong 1930.

Ayon kay Keynes, hindi laging mabisa ang pamilihan sa pagsagot sa lahat ng suliranin ng ekonomiya ng isang bansa. Ayon sa kaniya, maaring hindi maging sapat ang pamumuhunan sa isang ekonomiya upang patuloy na paunlarin ito.

Maaaring mabigyan ng solusyon ang suliranin kung ang pamahalaan ay makikialam sa ptimamagitan ng tamang alituntunin sa pananalapi at pinansiyal.

Binigyang-pansin din Keynes na ang paggastos ng pamahalaan o pagbabawas ng buwis ay magbubunga ng tiis at trabaho na siyang magpapalago sa kabuuang ekonomiya ng isang bansa.

**C.Pagtalakay** :

Anu-anong mahahalagang pangyayari ang naganap sa kasaysayan ng mga ekonomista ? Ano nagging kahinaan nila at kalakasan nila?

Sino sa inyo ang mayroon kakilalang ekonomista ? Ano ba ang naitulong nila sa pag-unlad nang ating bayan ?

**D.Pagpapayamang Gawain**

1. **Gawin ninyo**: Pangkatang Gawain :

   Ibigay ang timeline ng buhay ni **Alfred Marshall at Leon Walras** isulat ang mahahalagang pangyayari sa isang fish bone.

Sina Alfred Marshall (Principles of Economics, 1890) at Leon Walras (Elements of Political Economy, 1894) ay maituturing na mga ekonomistang neoklasiko sapagka't sumunod sila sa mga teoryang sinimulan ng mga klasikong ekonomista tulad nina Ricardo at Smith.

Naniniwala ang mga neoklasiko sa malayang pamilihan at ganap na kompetisyon upang bigyang kasagutan ang pangangailangan ng lipunan. Kung magkakaroon lamang ng kondisyong nabanggit, makakamit ng lipunan ang pinakamaayos nakalagayan pang-ekonomiya.

Ipinaliwanag din ng mga neoklasikong ekonomista na kailangan ang aktibong pakikilahok ng pamahalaa upang bigyang solusyon ang mga suliraning pang-ekonomiya ng bansa.

Noong 1874 at 1877 inilabas ni Leon Walras ang aklat na “Elements of Pure Economics”, akda na nagging dahilan upang kilalaning “father of the general equilibrium theory”.

2. **Gawin mo**:
Igawa ng timeline ang mga nagawa ni Adam Smith sa pamamagitan ng pagkuha sa mahahalagang pangyayari at ilagay ito sa isang halaman.

Masasabi na nagsimula ang sistematiko at siyentipikong pag-aaral ng ekonomiks noong huling bahagi ng ika-18 siglo. Isa sa pinakakilalang aklat na nakilala noong 1776 ang aklat na ‘An Inquiry to the Causes and Nature of Wealth of Nation’ ni Adam Smith.

Si Adam Smith (1723-1790) ay isang pilosopo at propesor ng Ekonomiks mula sa Scotland. Itinuturing si Smith na "Ama ng Klasikong Ekonomiks" dahil sa kaniyang pangunguna na ipaliwanag ang mga prinsipyo ng ekonomiya at ang daan tungkol sa pag-unlad ng isang bansa. Layunin ni Adam Smith na malaman ang sanhi ng pagyaman at paghihirap ng mga bansa. Ayon sa kanya maaaring yumaman ang isang bansa kung; (1) makapaglalaan ito ng sapat na puhunan; (2) tumataas ang produktibidad ng paggawa.

Naunawaan niya na ang pagtaas ng produksiyon sa pamamagitan ng espesyalisasyon o paghahati ng gawain ay magdudulot ng pagtaas ng produksiyon ng isang ekonomiya.

Iminungkahi ni Smith na di-dapat makialam ang pamahalaan sa pakikipagkalakalan at hayaan ang mga tao na magpasiya kung ano ang tunay na makakabuti sa kanila at sa buong bansa. Ito ang konsepto ng free enterprise. Ipinaliwanag pa ni Smith na ang pagkakaroon ng kompetisyon sa pamilihan sa pagitan ng mga negosyante at mamimili ay makakabuti sa pangkabuong kalagayan ng pamumuhay ng mga tao.

Ayon kay Smith, maaaring makialam ang pamahalaan upang ayusin lamang ang mga sistema ng pakikipagkalakalan at alisin ang anumang hadlang sa malayang kompetisyon sa pagitan ng mga mga tao sa pamilihan.Nagpahayag ng doktrinang Laissez Faire o Let Alone Policy

**E.Paglalahat**:

Ano ang pinagbatayan ninyo sa paggawa ng isang timeline? Bakit mahalaga na tama ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ?

**F. Paglalapat** :

Kumuha ng kapareha at gumawa ng timeline ang pitong araw na ginawa nang Panginoon ang sanlibutan. Ibigay ang mga mahahalagang pangyayari sa bawat araw.

**IV. Pagtataya** :

Kunin ang mahahalagang pangyayari nang buhay ni Dr Jose Rizal at gumawa nang timeline tungkol dito.

Jose Protacio Rizal Mercado y Alonso Realonda ang buong pangalan ni Dr. Jose Rizal. Labing-isa silang magkakapatid at ikapito siya. Ang kanyang mga magulang ay sina Francisco Engracio Rizal Mercado y Alejandro at Teodora Morales Alonso Realonda y Quintos. Nakita niya ang unang liwanag noong ika-19 ng Hunyo, 1861 sa Calamba, Laguna.

Kung susuriin ang pinagmulan niyang angkan, ang kanyang ama na si Francisco Mercado ay anak ng isang negosyanteng Instik na nagngangalang Domingo Lam-co at ang kanyang ina ay isa ring mestisang Intsik na ang pangalan ay Ines dela Rosa.

Intsik na Intsik ang apelyidong Lam-co kung kaya't kung minsan ay nakararanas si Domingo Lam-co ng diskriminasyon kaya upang makaiwas sa ganoong pangyayari at makasunod sa ipinag-uutos ni Gobernador Claveria kaugnay ng pagpapalit ng mga pangalang Pilipino noong 1849, ang Lam-co ay pinalitan ng apelyidong Kastila at pinili nila ang Mercado na nababagay sa kanya bilang negosyante, sapagkat ang ibig sabihin ng Mercado ay palengke. Ang pamilyang Lam-co ay kilalang mangangalakal noon sa bayan ng Binan, Laguna.

Bagamat ang mga ninuno ni Rizal sa ama ay kilalang negosyante, ang kanyang ama ay isang magsasaka. Isa siya sa mga kasama sa Hacienda Dominicana sa Calamba, Laguna.

Ang apelyidong Rizal ay naidagdag sa kanilang pangalan sa bias ng Kautusan Tagapagpaganap na pinalabas ni Gob. Claveria noong 1849 at ito'y hinango sa salitang Kastila na luntiang bukid.

Masasabing mayaman ang angkang Rizal sapagkat ang pamilya ay masikap, matiyaga at talagang nagbabanat ng buto.

Nang tumuntong si Rizal sa gulang na tatlong taon, 1864, siya ay tinuruan ng abakada ng kanyang ina at napansin niyang nagtataglay ng di-karaniwang talino at kaalaman ang anak, kahit kulang sa mga aklat ay nagawa ng ginang na ito ang paglalagay ng unang bato na tuntungan ni Rizal sa pagtuklas niya ng iba't ibang karunungan.

Nang siya'y siyam na taong gulang, si Jose ay ipinadala sa Binan at nag-aral sa ilalim ng pamamahala ni Padre Justiniano Aquino Cruz, ngunit pagkalipas ng ilang buwan ay pinayuhan na ito na lumipat sa Maynila dahil lahat ng nalalaman ng guro ay naituro na niya kay Rizal.

Noong ika-20 ng Enero, 1872, si Jose ay pumasok sa Ateneo Municipal de Manila. Siya ay nagpamalas ng kahanga-hangang talas ng isip at nakuha ang lahat ng pangunahing medalya at

notang sobresaliente sa lahat ng asignatura. Sa paaralang ito natamo niya ang katibayang Bachiller en Artes at notang sobresaliente, kalakip ang pinakamataas na karangalan.

Nang sumunod na taon sa Pamantasan ng Santo Tomas ay nag-aral siya ng Filosofia y Letras at Agham sa pagsasaka naman sa Ateneo Municipal de Manila. Kumuha rin siya ng panggagamot sa naturang pamantasan. Di pa nasiyahan, nagtungo siya sa Europa noong ika-5 ng Mayo, 1882 upang doon ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral.

Nagpatuloy siya sa pag-aaral ng Medicina at Filosofia y Letras sa Madrid, Espana at tinapos ang kursong ito noong 1884 at 1885.

Noong 1884, si Rizal ay nagsimulang mag-aral ng Ingles; alam na niya ang Pranses pagkat sa Pilipinas pa lamang ay pinag-aralan na niya ang wikang ito. Bukod sa mga wikang ito, nag-aral din siya ng Aleman at Italyano dahil naghahanda siya sa paglalakbay sa iba't ibang bansa sa Europa. Alam niyang mahalaga ang mga wikang ito sa pag-aaral ng mga kaugalian ng mga tao roon at ng pagkakaiba nila sa mga Pilipino sa bagay na ito. At upang mapag-aralan ang kasaysayan ng mga baying nabanggit na mapaghahanguan ng mga aral na alam niyang makatutulong sa kanyang mga kababayan. Bunga nito, si Rizal ay maituturing na dalubwika.

Ayon kay Retana, ipinahayag ni Rizal na sinulat niya ang unang kalahati ng Noli Me Tangere sa Madrid noong magtatapos ang 1884, sa Paris naman ang ikaapat na bahagi at isa pang bahagi ay sa Alemanya. Ipinalimbag ito sa Berlin, at noon lamang Marso, 1887 ay lumabas ang 2000 sipi. Si Dr. Maximo Viola na taga-San Miguel, Bulacan ang nagbayad ng pagpapalimbag sa halagang 300 piso.

Ang El Filibusterismo ang kasunod na aklat ng Noli Me Tangere na ipinalimbag sa Gante, Belhika noong 1891.

Itinatatag naman ni Dr. Jose Rizal ang La Liga Filipina noong ika-3 ng Hulyo, 1892. Ang kapisanang ito ay lihim na itinatag at layuning magkaroon ng pagbabago sa palakad ng pamahalaan sa Pilipinas sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan at di sa paghihimagsik.

Noong ika-5 ng Agosto, 1887, siya ay nagbalik sa Pilipinas. Ngunit noong Pebrero 3, 1888, siya ay muling umalis sapagkat umiilag siya sa galit ng mga Kastila dahil sa pagkakalathala ng Noli Me Tangere. Bumalik siya sa Maynila noong ika-26 ng Hunyo, 1892.

Noong Hulyo 7, 1892, alinsunod sa kautusan ni Kapitan-Heneral Despujol, si Rizal ay ipinatapon sa Dapitan, isang maliit na bayan sa hilagang kanluran ng Mindanao, dahil sa bintang na may kinalaman siya sa paghihimagsikan nang mga araw na iyon. Sa Dapitan, nagtayo si Rizal ng isang maliit na paaralan na may labing-apat na batang taga-roon na kanyang tinuturuan.

Habang nagaganap ang labanan sa pagitan ng Espana at Cuba, sa pangambang madamay sa kilusang ukol sa paghihimagsik kaya hiniling niya na makapaglingkod siya sa mga

pagamutan sa Cuba. Binigyan niya ng isang liham si Kapitan-Heneral Blanco na nagpapatunay na kailanman ay di siya nakikilahok sa mga himagsikan sa Pilipinas. Ngunit noong bago magtapos ang taong 1896, siya'y hinuli ng mga kinauukulan at ibinalik sa Pilipinas.

Ikinulong si Rizal sa Maynila sa Real Fuerza de Santiago. Nang iharap sa hukumang militar at litisin, siya ay nahatulang barilin sa Bagumbayan.

Noong ika-29 ng Disyembre, 1896, Sinulat ni Rizal ang kanyang Mi Ultimo Adios (Huling Paalam) isang tulang kakikitaan ng magiging na kaisipan at damdamin.

At noong ika-30 ng Disyembre, si Rizal ay binaril sa Bagumbayan na ngayon ay tinatawag na Luneta.

**Takdang Aralin** :

Magsaliksik ng mga mahahalagang pangyayari sa ating bansa sa loob ng isag taon at gawan ito ng timeline.

**4**

**Layunin**

Nakasusulat ng idiniktang liham ayon sa tamang anyo at ayos

**II Paksang Aralin**

Hiyas sa Wika 5 p 52-59 , Pag –unlad sa Wika at Pagbasa 5 p157-161
F5PU-III e-2.8

C. Mga Kagamitan

flashcards

Metacards

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay :**
   Sumulat ng isang pangungusap tungkol sa iyong kaibigan.
2. **Balik-aral**:
   Ano ang dapat tandaan kapag gumagawa nang isang timeline nang kasaysayan?

3. **Mga Gawain:**

A. **Pagganyak:**

Pangkatin ang klase at hayan ang bawat pangkat ay Isaayos ang mga jumble letters.

1. Antmupaha
2. Tingba nimupala
3. Takawan ng amhli
4. Tingba kaswapang
5. agdal

Anu-anong paraan ang pwede natin gawin upang magkaroon tayo patuloy na ugnayan sa ating mga kaibigan/kamg-anak lalo na nong unang panahon?

B. **Paglalahad** :

Ilahad ang bawat bahagi nang sulat.

1. pamuhatan - nkikita ang address ng sumulat gayon din ang petsa..

2. bating panimula - pambungad na pagbati sa sinusulatan.
3. katawan ng Liham- dito isinasaad ng sumulat ang dahilan ng kaniyang pagsulat
4. bating pangwakas- pamamaalam ng sumulat
5. lagda- pangalan ng sumulat

MGA BAHAGI NG LIHAM

1. Pamuhatan - dito sinusulat ang tirahan o adres at ang petsa kung kailan niya ito sinulat.
Hal: **brgy.baras,palo,leyte**
**ika-21 ng Enero,2011**

2. Bating Panimula - ito ay maikling pagbati sa sinusulatan, na ang bantas na ginagamit sa hulihan ay kuwit.
Hal: **mahal kong Rose Wynne,**
Sa bating panimula ay gumagamit ng magagalang na salitang tulad ng **Mahal kong,ang kaibigan kong si,at iba pa.**

3. Katawan ng liham - dito ipinahahayag ang tunay na dahilan ng pagsulat
hal:**sana okay ka lang sa hospital at mamaya kung lumabas ka na laro tayo ng masayang mga laro**

4. Bating Pangwakas - dito ay magalang na nagpapaalam ang sumulat. Ang bating pangwakas ay nagtatapos sa kuwit.
Hal: **ang iyong kaibigan,ang iyong kapatid,at iba pa.**

5. Lagda - dito isinusulat ng lumiham ang kanyang pangalan. Kung ang ating sinulatan ay isang kaibigan o dating kakilala, maaaring pangalan o palayaw na lamang ang ating ilagda.
***Raven***

Top of Form

---

103 Mabini St.
Luisiana, Laguna ( Pamuhatan)
Mayo 16,2016

Mahal kong Cedrhix, ( Bating Panimula)
Kamusta ka na? Sana ay nasa mabuti kang kalagayan Sumulat ako sayo dahil gusto kong kamustahin ka. Alam mo talagang nalungkot ako nang lumipat ako ng paaralan at lalawigan. Naalala ko pa noong mag kaklase pa tayo ay sabay sabay tayong kumakain ng ating kaibigan.At dinarasal ko na magkita tayong muli
Hanggang dito na lamang. (Katawan ng liham)

Nagmamahal, ( Bating Pangwakas)
Lloyd ( Lagda)

C. **Pagtalakay** :

Anu-ano ang mga bahagi ng liham?

Ano ang tamang ayos nito?

D. **Pagpapayamang Gawain**:

1. Gawin ninyo:
Kumuha ng kapareha at pag-usapan ninyo ang kahulugan ng mga daglat na ginagamit sa liham.
Pagtambalin ninyo mula sa hanay A hanapin sa hanay B

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Hanay A | Dr. | Atty. | Mr. | Mrs. | Gng. | G. | Bb. | P.O. | Blg. | St. |
| Hanay B | Atorni | Misis | Doktor | | Ginang | | Mister | Binibini | | Ginoo |
| | Post Office | | Bilang | | Street | | | | | |

2. Gawin mo
Iwasto ang pagkakasulat ng mga sumusunod:
1.112 rizal st., binan laguna agosto 12, 2016-05-19
2.mahal kong rhonie
3.nagmamahal
4.mark
5.ang iyong pinsan

E.**Paglalahat :**

Ano ang natutunan ninyo sa araw na ito?

**F.Paglalapat** :

Pumili ka ng iyong susulatin sa mga sumusunod :

1. Aanyahan mo ang iyong kaibigan sa isang bertday parti.
2. Ibabalita mo sa iyong kaibigan na ikaw ay paalis na patungong ibang bansa

**IV.Pagtataya**:

Babasahin ng guro ang mga bahagi ng liham at isaayos ang liham- pangkaibigan sa espasyo. Lagyan ng wastong bantas.

Mahal kong Shaila

43 Lorico St.
Luisiana,Laguna
Mayo 30,2016

Ang iyong kaibigan

Agad mong sagutin ang sulat ko ha?
Namasyal kami sa Manila Zoo noong Linggo.
Kumusta ka na
Tuwang-tuwa ako sa mga matsing.
Paborito mong kuwento sina Matsing at Kuneho.
Ito ang isa sa mga ipadadala kong aklat sa iyo.
Basahin mo para sa iyong kapatid na bunso.

Quing Sean Briquillo

**V.Takdang Aralin :**

Gumawa ng liham para sa iyong kaibigang hindi nakadalo sa iyong kaarawan. Gamitin ang mga tamang bantas .

5

Layunin

Naibabahagi ang isang pangyayaring nasaksihan

**II. A.Paksang-Aralin**

A. Pagbabahagi ang isang pangyayaring nasaksihan

**B. Sanggunian**

Hiyas sa Wika 5 p 140

F5PS III b-e 3.1

C. Mga Kagamitan

larawan

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay** :

   Kumuha ng kapareha. Ibigay ang kanilang opinion tungkol sa huling laban ni Manny Paquiao laban kay Bradley at sa pagkapanalo ng Ms. Universe ni Pia Worzbac.

2. **Balik-aral**:

Ibigay ang limang bahagi ng liham ?

3. **Mga Gawain**:

**A. Pagganyak :**

Ano angkadalasang makikita natin kung Mahal na araw ? Anong mga pangyayari ang masasaksihan natin ?

B. **Paglalahad** :

Ipabasa ang tungkol sa Ang Pabasa

Noong Mahal na Araw, sa lalawigan ng mga loloako nagpunta. Napanood ako roon ng pabasa. Ayon sa Lolo Roger, isa raw itong matandang kaugalian na ipinamana sa atin ng mga Espanyol.Ang Pabasa ay paawit na pabasa ng uhay ni Jesus mula nang ipinaglihi Siya hanggang Siya'y namatay sa Krus. Binabasa ito nang paawit mula sa aklat na tinatawag na pasyon. Sinisimulan ang pagbasa mula sa pagpasok ng Mahal na Araw hanggang Biyernes Santo.Nag-aanyaya ng mga babasa ang may pabasa hanggang matapos ang buong pasyon. Iba-iba rin ang estilo o punto ng pagbasa.

**C. Pagtalakay :**

Anu-ano ang mag pangyayari na inyong nasaksihan na hindi ninyo malilimutan kapag dumarating ang mahal na arawl?

D. **Pagpapayamang Gawain** :

**1. Gawin ninyo :**
Hatiin sa pangkat ang klase. Magkaroon ng pangkatang Gawain. Anu-ano mga pangyayari ang makikita ninyo sa loob ng paaralan,tahanan o pamayanan man na nagbigay ng magandang aral ? Ang bawat kasapi ay maglalahad ng kanyang nasaksihang mga pangyayari sa paaralan. At itala ang mga ito sa manila paper.

**2. Gawin mo**
Sumulat ng kahit isa o dalawang tatatang naglalarawan ng isang karanasang nakatatawa/malungkot/di –malilimot.

**E.Paglalahat**:

Ano ang inyong natutunan sa pagbabahagi ng inyong nasaksihan? Bakit kailangan na maibigay natin ang mga detalye ng isang pangyayari?

F. **Paglalapat**:

Aalis ang iyong guro upang samahan ang iyong kamag-aral na magpatingin sa klinika. Pinagbilinan ka niya ng mga gagawin habang nasa klinika ang iyong guro. Ano ang iyong gagawin?

**IV. Pagtataya** :
Sumulat tungkol sa iyong kaarawan sa pamamagitan ng pagbuo ng talata.

Sa Aking Kaarawan

Naging___________ ang aking nakaraang kaarawan. Naghanda ang aking ina ng ______ na pagkain para sa aking mga kaibigan. Bumili naman ang aking Ninang ng ______ cake. Pagkatapos ng ______ salu-salo, nagkaroon ng palaro. Isang ________ pabitin ang ginawa ng aking tatay. Nagsabit dito ang aking Ate ng _____ laruan. Ang _____ kong kaibigan ang nakaabot ng bola sa pabitin. Lahat ng dumalo ay ______ pagkat may uwi silang laruan. Naibigan ko ang mga regaling ibinigay sa akin ngunit ang ______ ko ay ang walking doll. Ang buong mag-anak ay _____ subali't nasiyahan sila dahil nagging masaya ang lahat.

**V. Takdang-Aralin**

Sumulat ng isang kuwento na nagsasalaysay ng sariling karanasan maaring tungkol sa sumusunod:

1.Isang Sorpresa

2.Ang aking Pasko

3. Isang Paglalakbay